Ang HQ number mo at pag-apruba sa pag-text

Tine-text at tinatawagan ng mga customer ang HQ number mo. Bago makalabas ang kahit anong text, kailangang aprubahan ng mga phone carrier ang kompanya mo, at ikaw mismo ang nagpapadala ng request na iyon mula sa HQ.

Mga hakbang

1. Buksan ang Configure, saka ang This company, at hanapin ang Pag-text sa mga customer mo. Kung wala ka pang HQ number, pindutin ang Ipakita ang mga numero at Kunin ito.
2. Punan ang hinihingi ng mga carrier: ang legal name mo, ang EIN mo, ang website mo at kung paano pumapayag ang mga customer na ma-text. Pindutin ang I-save ang mga detalyeng ito.
3. Kung sabihin ng HQ na hindi tugma ang pananalita mo sa talagang ipinapadala nito, pindutin ang Gamitin ang sariling pananalita ng HQ.
4. Pindutin ang Ipadala sa mga carrier. Gagana lang ang button kapag kumpleto na ang lahat ng kailangan nito.
5. Bantayan ang email mo. Kapag inaprubahan ng mga carrier, kusang mag-o-on ang texting mo. Kapag tumanggi sila, ipapakita ang sinabi nila: ayusin ang mga sagot na iyon at pindutin ang Ipadala muli.

Mabuting malaman

Hindi naghahatid ang mga carrier sa US ng business text hangga't hindi rehistrado ang negosyo. Pinoprotektahan nito ang mga customer laban sa spam, at pareho ito para sa bawat kompanya.

Karaniwang 10 hanggang 15 araw ang pag-apruba. Habang naghihintay, puwede ka pa ring tawagan ng mga customer at gamitin ang chat sa website mo.

Dapat eksaktong tugma ang legal name mo sa EIN letter mo, kasama ang LLC o Inc. Ang hindi pagtutugma ang pinakakaraniwang dahilan ng pagtanggi.